# Bakuna para sa COVID-19

## Kalusugan ng Publiko – Dokumento ng Impormasyon

Ang pagbabakuna ang isa sa pinakamahalagang magagawa sa kalusugan ng publiko. Tumutulong ang mga pagbabakuna na maalis at makontrol ang pagkalat ng mga impeksyon at sakit. Tinutulungan ng mga bakuna ang iyong resistensya (immune system) na makilala at malabanan ang bakterya at mga virus na nagdudulot ng sakit.

### Ano ang sakit na COVID-19?

Ang COVID-19 ay nakakahawang sakit na dulot ng virus na SARS-CoV-2. Maaaring kumalat ang virus mula sa isang tao papunta sa isa pang tao sa pamamagitan ng mga aktibidad tulad ng pag-ubo, pagbahin at pagsasalita. Maaari ring kumalat ang COVID-19 sa paghawak sa isang bagay na may virus, pagkatapos ay hahawakan ang iyong bibig, ilong o mga mata gamit ang hindi nahugasang mga kamay.

Karamihan sa mga taong nahawaan ng virus ay makakaranas ng hindi malubha hanggang sa katamtamang sakit sa baga, pero maaapektuhan ng virus ang iba't ibang tao sa iba't ibang mga paraan. Ang ilan ay magkakasakit nang malubha at mangangailangan ng medikal na atensyon. Ang mga taong may mga umiiral nang medikal na kondisyon ay mas malamang na makaranas ng malubhang sakit.

### Ano ang bakuna para sa COVID-19?

Gumagana ang mga bakuna para sa COVID-19 sa pamamagitan ng pagpapakita sa ating katawan ng isang bagay na kamukha ng COVID-19 virus. Matututunan ng ating resistensya na labanan ang virus. Mapoprotektahan ka nito laban sa impeksyon o malubhang sakit kung malalantad ka sa COVID-19 sa hinaharap. Ang lahat ng ginagamit na bakuna para sa COVID-19 ay mabisa sa pag-iwas sa malubhang sakit dahil sa COVID-19.

### Sino ang dapat magpabakuna para sa COVID-19?

Available nang libre ang bakuna para sa COVID-19 sa mga kwalipikadong taga-Manitoba. Mangyaring bisitahin ang manitoba.ca/covid19/index.html para sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado. Dapat makatanggap ng dosis ang mga sumusunod na tao:

- Nasa hustong gulang na 65 taong gulang o mas matanda pa
- Mga residente ng mga pasilidad para sa pangmatagalang pangangalaga at iba pang setting na magkakasamang nakatira
- Mga taong may mga umiiral nang medikal na kondisyon na naglalagay sa kanila sa mas mataas na panganib ng malubhang COVID-19
- Mga taong buntis
- Mga taong nakatira sa o mula sa First Nations, Métis at Inuit na mga komunidad
- Mga miyembro ng komunidad na kinategorya ayon sa lahi at iba pang komunidad na nararapat tratuhin nang patas
- Mga taong nagbibigay ng mahalagang mga serbisyo sa komunidad

Depende sa kasaysayan ng iyong kalusugan, maaaring magrekomenda ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan ng marami pang dosis ng bakuna. Maaari mong matanggap ang bakuna para sa COVID-19 kasabay ng bakuna para sa trangkaso.

### Sino ang HINDI dapat magpabakuna para sa COVID-19?

Kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan bago magpabakuna ng bakuna para sa COVID-19 kung ikaw ay:

- Nagkaroon ng allergic reaction pagkatapos ng naunang dosis ng bakuna para sa COVID-19
- Nagkaroon ng allergic reaction sa alinmang sangkap ng bakuna (halimbawa: polyethylene glycol [PEG], Tromethamine [trometamol o Tris])
- Nagkaroon ng myocarditis (pamamaga ng kalamnan ng puso) o pericarditis (pamamaga ng lining na nasa labas ng puso)
- Nagkaroon ng multisystem inflammatory syndrome (tinatawag na MIS-C sa mga bata at MIS-A sa mga nasa hustong gulang)

Ang sinumang may mataas na lagnat ay dapat ipagpaliban ang pagpapabakuna hanggang sa gumaling. Ang sinumang may hindi malubhang sakit ay maaari pa ring makatanggap ng bakuna. Maaari kang magkasakit ng COVID-19 bago ka pa magpabakuna. Kung mangyayari ito, dapat maghintay ka bago magpabakuna hanggang sa gumaling ka.

### Ano ang mga posibleng side effect ng bakuna para sa COVID-19?

Inaaprubahan ng Health Canada ang mga bakuna batay sa pagsusuri ng kalidad at kaligtasan. Karaniwan ang

